# Mga Karanasan mula sa Kampo ng Israel

## Karanasan #1

Ginunita ni Elder George A. Smith (1817–75) ng Korum ng Labindalawang Apostol ang ilan sa mga kalagayang kinaharap ng Kampo ng Israel sa kanilang paglalakbay:




> Lubos na naranasan ni Propetang Joseph ang pagod sa buong paglalakbay. Bukod pa sa pag-aalala sa panustos sa kampo at pamumuno rito, kalimitan ay naglakad siya at nakaranas na magpaltos, magdugo at sumakit ang mga paa, na likas na nangyayari dahil sa paglalakad nang mula mahigit 40 hanggang mahigit 64 na kilometro araw-araw sa mainit na panahon ng taon. Ngunit sa buong paglalakbay hindi siya kailanman bumulung-bulong o nagreklamo, samantalang karamihan sa kalalakihan sa Kampo ay nagreklamo sa kanya sa pananakit ng mga daliri sa paa, paltos sa mga paa, mahabang paglalakad, kakaunting panustos, hindi masarap na tinapay, maantang mantikilya, at mabahong pulot-pukyutan, inuuod na pinausukan at inasinang karne at keso, at kung anu-ano pa. . . . Subalit kami ang Kampo ng Sion, at marami sa amin ang hindi nagdarasal, pabaya, walang-ingat, hindi makaintindi, hangal o malademonyo, gayunpaman hindi namin alam iyon. Kinailangan kaming pagtiyagaan at turuan ni Joseph, na parang bata. Gayunman, maraming nasa kampo na hindi bumulung-bulong kailanman at laging handa at nagkukusang gawin ang nais ng aming mga pinuno. (George A. Smith, sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 335–36)

- Sa palagay mo, bakit iba-iba ang tugon ng mga miyembro ng kampo sa parehong mga sitwasyon?
- Ano ang makatutulong sa atin upang manatiling positibo ang ating pananaw kapag dumaranas tayo ng mga paghihirap sa mga pagsisikap nating sundin ang Tagapagligtas?

## Karanasan #2

Basahin ang Doktrina at mga Tipan 103:20 at ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Heber C. Kimball (1801–68) ng Unang Panguluhan:



> Sa kabila ng patuloy na pagbabanta ng karahasan ng aming mga kaaway, hindi kami natakot, ni nag-alangan na ipagpatuloy ang aming paglalakbay, sapagkat sumaamin ang Diyos, at ang Kanyang mga anghel ay nanguna sa amin, at ang pananampalataya ng maliit naming grupo ay hindi natitinag. Alam naming kasama namin ang mga anghel, sapagkat nakita namin sila. (Heber C. Kimball, sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 336)

- Sa iyong palagay, paano makakaapekto sa iyo ang pagpapalang ito kung kasama ka sa Kampo ng Israel?
- Ano ang ilang paraan kung paano tinutulungan ng Panginoon ang Kanyang mga tagasunod na magawa ang mahihirap na bagay sa kasalukuyang panahong ito?

## Karanasan #3

Nang ang Kampo ng Israel ay may isang araw na lamang na paglalakbay papunta sa Jackson County, limang lalaking may mga sandata ang lumapit sa kanila. Nagyabang ang mga lalaki na mahigit tatlong daang iba pa ang naglalakbay upang salakayin ang kampo. Habang pinag-uusapan ng mga miyembro ng kampo kung ano ang gagawin, sinabi ni Propetang Joseph Smith, "Tumayo nang hindi natitinag at masdan ang pagliligtas ng Diyos."

Makalipas ang dalawampung minuto, isang malakas na bagyo ang sumalanta sa kampo. Ang bagyo ay naging sanhi ng malaking pagtaas ng tubig sa kalapit na ilog na humadlang sa pagtawid at pag-atake ng kanilang mga kaaway. Maraming miyembro ng Kampo ng Israel ang nakahanap ng kanlungan sa isang maliit na simbahan sa malapit. Pagkaraan ng ilang sandali, pumasok si Joseph Smith, na basa sa ulan, sa simbahan at bumulalas, "Ang Diyos ay narito sa bagyo!"

Kinaumagahan pagkaraan ng bagyo, natagpuan ng mga miyembro ng kampo ang kanilang mga tolda at gamit na basang-basa at nakakalat, ngunit walang sinumang sumalakay. (sinipi at ibinuod mula sa *Mga Banal: Ang Kuwento ng Simbahan ni Jesucristo sa mga Huling Araw*, Tomo. 1, *Ang Pamantayan ng Katotohanan, 1815–1846* [2018], 234–35).

- Kung bahagi ka ng Kampo ng Israel, paano maaaring nakaapekto ang karanasang ito sa nadarama mo tungkol kay Propetang Joseph Smith?
- Ano ang maituturo sa iyo ng karanasang ito tungkol sa Diyos sa mahihirap na sandali sa iyong buhay?

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2024 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_372-1